# AP 7

# HEOGRAPIYA AT SINAUNANG KASAYSAYAN





# ARALIN 6&7:
# MGA SINAUNANG KABIHASNAN SA TIMOG-SILANGANG ASYA

# TARGET NG PAMPAGKATUTO:

Sa pagtatapos ng klase, inaasahang magagawa kong...

- Maisa-isa ang pag-usbong at mga katangian ng mga sinaunang kabihasnang pangkontinental (mainland) sa Timog-Silangang Asya.
- Maisa-isa ang pag-usbong at mga katangian ng mga sinaunang kabihasnang pangkapuluan (insular) sa Timog-Silangang Asya.
- Maiugnay ang sinaunang kabihasnan ng Pili[inas sa mga bansa sa Timog-Silangang Asya, China, at India.

# MGA SINAUNANG KABIHASNANG MAINLAND

# FUNAN





# FUNAN (Unang Siglo)

Ito ay isa sa mga **pinakamaagang kabihasnan sa Timog-Silangang Asya**, at itinuturing na **unang makapangyarihang kaharian** sa rehiyong ito.



# Pag-usbong

- **Estratehikong Lokasyon** – matatagpuan sa bukana ng **Ilog Mekong**, na nagsisilbing daanan ng mga barkong naglalakbay sa pagitan ng India at China.
- **Masiglang Kalakalan** – nakikipagkalakalan ang Funan sa India, China, at iba pang bahagi ng Asya.


© JITTRAPONKAICOME




Tribes
Gulf of Tonking
Chenla
Chams
Funan
Nokor
Ba Phnom
Angkor Borei
Vyadhapura
Óc Eo
South China Sea
www.asienreisender.de
2013


CHINA
River
LAOS
THAILAND
CAMBODIA
VIETNAM
South China Sea
© 2012 Encyclopædia Britannica, Inc.

# Pag-usbong

- **Estratehikong Lokasyon** – matatagpuan ang Funan sa bukana ng **Ilog Mekong**, na nagsisilbing daanan ng mga barkong naglalakbay sa pagitan ng India at China.
- **Masiglang Kalakalan** – nakikipagkalakalan ang Funan sa India, China, at iba pang bahagi ng Asya.



Strait of Malacca
INDIA
BANGLADESH
BURMA
LAOS
THAILAND
VIETNAM
CAMBODIA
MALAYSIA
BRUNEI
SINGAPORE
INDONESIA
PHILIPPINES
TAIWAN
Hong Kong
SRI LANKA
Bay of Bengal
Andaman Sea
Gulf of Thailand
South China Sea
Philippine Sea
Indian Ocean
Romania
Georgia
Uzbekistan
Bulgaria
Azerbaijan
Kyrgyzstan
Turkey
Turkmenistan
Tajikistan
Armenia
Iran
Iraq
Syria
Jordan
Israel
Bahrain
Egypt
Saudi Arabia
Red Sea
Sudan
Eritrea
South Sudan
Ethiopia
Somalia
Uganda
Kenya
Tanzania
Comoros
Zimbabwe
Mozambique
Swaziland
Lesotho
China
North Korea
South Korea
Japan
Sea of Japan (East Sea)
PACIFIC
Marshall Islands
Kiribati
Tuvalu
Wallis & Futuna
Fiji
New Caledonia (France)
OCEAN
Australia
Great

# Katangian:

- **Pamahalaan:** Pinamunuan ng isang hari o monarkiya.
- **Kabuhayan:** Nakabatay sa agrikultura
- **Relihiyon:** Hinduismo at Budismo
- **Kultura:** Tinanggap ng mga mamamamayan ang maraming aspeto ng kulturang Indian.

# PAGAN


MARIS ATLANTICI,
SIVE MAR DEL NORT
Noua Hispania
Foquiem
Los Bolcanes
Y. de Ladrones

# PAGAN (IKA-9 NA SIGLO CE)

Ang Kabihasnang Pagan ay isa sa **pinakamakapangyarihang kabihasnan** sa mainland ng Timog-Silangang Asya.

# Pag-usbong

- **Irrawaddy River Valley** – isang maliit na pamayanan.
- Pamumuno ni **Haring Anawrahta** noong 1044 CE – makapangyarihang imperyo.

# Pag-usbong



# Pag-usbong

- **Irrawaddy River Valley** – isang maliit na pamayanan.
- Pamumuno ni **Haring Anawrahta** noong 1044 CE – makapangyarihang imperyo.

# Pag-usbong



# Katangian:

- **Pamahalaan**: Monarkiya na pinamumunuan ng hari.
- **Kabuhayan**: Agrikultura at kalakalan
- **Relihiyon**: Theravada Buddhism.
- **Ambag**: Maraming templong itinayo sa Bagan na nagpapakita ng mataas na antas ng arkitektura at pananampalataya



# KHMER



# ANGKOR/KHMER

Ang Imperyong Khmer ay isang **makapangyarihang kabihasnan** sa mainland Timog-Silangang Asya na nakilala sa mahusay na pamamahala, at malawak na impluwensiya.

# Pag-usbong

- Itinatag ang Imperyong Khmer ni **Jayavarman II (Chakravartin)** noong 802 CE.
- **Maunlad na Agrikultura** – umunlad ang Khmer dahil sa sistemang **irigasyon** at paggamit ng **baray.**

# Pag-usbong



# Katangian:

- **Pamahalaan**: Monarkiya na pinamumunuan ng hari.
- **Kabuhayan**: Agrikultura, lalo na ang pagsasaka ng palay.
- **Relihiyon**: Hinduismo at Budismo.
- **Ambag**: Kahanga-hangang arkitekturang tulad ng **Angkor Wat**.



# Angkor Wat

# SUKHOTHAI



MARIS ATLANTICI,
SIVE MAR DEL NORT
Noua Hispania
Florida
Foquiem
ASIA

# Sukhothai

Ito ay isang sinaunang kaharian sa mainland Timog-Silangang Asya na umusbong noong ika-13 siglo CE sa kasalukuyang **Thailand**. Ito ang itinuturing na **unang malayang kaharian** ng mga Thai

# Pag-usbong

- Itinatag ang kaharian matapos makalaya mula sa impluwensiya ng Imperyong Khmer.
- Pinamunuan ito nina **Pho Khun Bang Klang Hao** at **Pho Khun Pha Mueang**, na nagtatag ng isang malayang kahariang Thai.
- Pamumuno ni **Haring Ramkhamhaeng** – naging makapangyarihan ang Sukhothai.

# Katangian:

- **Pamahalaan**: Monarkiya na pinamumunuan ng hari.
- **Kabuhayan**: Pagsasaka, paggawa ng seramika, at kalakalan.
- **Relihiyon**: Theravada Buddhism.
- **Ambag**: Pag-unlad ng wikang Thai, sining, arkitektura, at kulturang Thai.


AYUTTHAYA
MARIS ATLANTICI,
SIVE MAR DEL NORT
Noua Hispania
Florida
Foquiem
Los Bolcanes
La Farfana
Malabrigo

# AYUTTHAYA

Ang kaharian na ito ay isa sa **pinakadadakilang kaharian** sa kasaysayan ng Thailand. Ito ay itinatag noong 13 siglo CE at tumagal hanggang 17 siglo CE, na naging isa sa **pinakamakapangyarihang kaharian sa Timog-Silangang Asya** sa loob ng mahigit 400 taon.

# Pag-usbong

- Lumakas ang Ayutthaya matapos humina ang Sukhothai.
- Estratehikong Lokasyon – naging mahalagang sentro ng kalakalang pandagat at panloob sa Timog-Silangang Asya.

# Pag-usbong


OF AVA
(MYANMAR)
Pegu
Martaban
Moulmein
Salween
Nan
Ping
Mekong
Nam Ca
KINGDOM OF
LAN XANG
(LAOS)
Sukhothai
Phitsanulok
Kamphaeng
Phet
Chao
Phraya
Savannakhet
Roi Et
Ye
Andaman
Sea
TENASSERIM
Suphan
Buri
Lop
Buri
Mun
Khorat
KHMER
KINGDOM
(CAMBODIA)
Tavoy
LAVO
Ayutthaya
Prachin
Buri
Rat Buri
Angkor
MERGUI
ARCHIPELAGO
Mergui
Tonle
Sap
Mekong
Tenasserim
Chanthaburi
Lovek
Kra Buri
Chumphon
PHU QUOC
ISLAND
Chaiya
Gulf of
Thailand
Trang
South
China
Sea
Singora
Nakhon Si Thammarat
KEDAH
SUMATRA
Strait of
Malacca
0 50 100 150 mi
0 100 200 km

# Katangian

- **Pamahalaan**: Monarkiya na pinamumunuan ng hari
- **Kabuhayan**: Agrikultura, lalo na ang pagsasaka ng palay, at kalakalan
- **Relihiyon**: Theravada Buddhism
- **Ambag**: Pag-unlad ng kulturang Thai, kalakalan, at arkitekturang panrelihiyon

Ang mga sinaunang kabihasnang pangkontinental (mainland) ay umusbong sa kalupaang bahagi ng Timog-Silangang Asya. Ang kanilang pag-unlad ay bunga ng **matabang lupain**, **sapat na suplay ng tubig mula sa mga ilog**, **maayos na sistemang pampamahalaan**, **kalakalan**, at **impluwensiya ng India at China sa relihiyon, kultura, at pamamahala.**

# MGA SINAUNANG KABIHASNANG INSULAR

# SRIVIJAYA

# SRIVIJAYA

Ito ay isang **makapangyarihang imperyong pandagat** na umusbong noong ika-7 hanggang ika-13 siglo CE. Nakasentro ito sa **Palembang, Sumatra** at naging isa sa **pinakamalalakas na kaharian** sa Timog-Silangang Asya.

# Pag-usbong

- **Estratehikong Lokasyon** – Matatagpuan ito malapit sa **Kipot ng Malacca**, ang pangunahing daanan ng mga barkong pangkalakalan sa pagitan ng India at China.
- **Pagkontrol sa Kalakalang Pandagat**
- **Malakas na Hukbong-Dagat**

# Katangian:

- **Pamahalaan:** Monarkiya na pinamumunuan ng isang **Maharaja**
- **Relihiyon:** Mahayana Buddhism
- **Kabuhayan:** Kalakalan sa dagat, pangingisda, at pangongolekta ng buwis mula sa mga mangangalakal

# SAILENDRA

# SAILENDRA

Ito ay kilala bilang **makapangyarihang dinastiya at kahariang Budista** na umusbong noong ika-8 hanggang ika-9 na siglo CE sa **Gitnang Java.**

# Pag-usbong

- **Matabang Lupain** – ang Gitnang Java ay may matabang lupa kaya naging angkop ito sa pagsasaka.
- **Pakikipagkalakalan** – nakipagkalakalan ang Sailendra sa mga karatig-kaharian, kabilang ang Srivijaya, pati na rin sa India at China. Nakatulong ito sa pag-unlad ng kanilang ekonomiya.


WHKMLA
Srivijaya
Sailendra
Srivijaya, Sailendra
c. 800

# Katangian:

- **Uri ng Pamahalaan:** Monarkiya
- **Relihiyon:** Mahayana Buddhism
- **Kabuhayan:** Agrikultura, kalakalan, at pakikipag-ugnayan sa mga karatig-kaharian
- **Ambag:** Ipinatayo ang **Borobudur**, ang pinakamalaking templong Budista sa buong mundo.



# MAJAPAHIT

# MAJAPAHIT

Ang Majapahit ay isang **makapangyarihang imperyo** sa Timog-Silangang Asya na itinatag noong 1293 sa **Java, Indonesia**, at umabot sa rurok ng kapangyarihan noong ika-14 na siglo.

# Pag-usbong

- Itinatag ang Majapahit noong 1293 CE ni **Raden Wijaya.**
- **Estratehikong Lokasyon** – matatagpuan ang Majapahit sa Java, isang lugar na mahalaga sa mga rutang pangkalakalan sa kapuluan.

# Katangian:

- **Uri ng Pamahalaan:** Monarkiya
- **Relihiyon:** Hinduism at Buddhism
- **Kabuhayan:** Agrikultura at kalakalan.
- **Ambag:** Naging mahalagang makasaysayang simbolo at inspirasyon ang Majapahit sa konsepto ng pagkakaisa ng kapuluan.

# MALACCA

# MALACCA

Ang Sultanato ng Malacca ay isang **makapangyarihang imperyong pandagat at sentro ng kalakalan** na umusbong noong ika-15 siglo sa Tangway ng Malay.

# Pag-usbong

- **Estratehikong lokasyon** – Matatagpuan ito sa tabi ng Kipot ng Malacca, isang mahalagang ruta ng mga barkong naglalakbay sa pagitan ng India at China.

# Katangian:

- **Uri ng Pamahalaan:** Monarkiya
- **Relihiyon:** Islam
- **Kabuhayan:** Kalakalang Pandagat
- **Ambag:** Ito ay ang pagiging pangunahing sentro ng kalakalan at pagpapalaganap ng Islam sa Timog-Silangang Asya.